# Ano ang Dapat Gawin Kung Hindi Maintindihan ang Bata

1. Itanong ang katanungan sa paraang may pagpipilian. Halimbawa: kung ang tanong ay "Ano ang gusto mong kainin?" Palitan ito sa "Gusto mo ng kerots or kukis?"

2. Sikaping makakuha ng iba pang impormasyon. Halimbawa: "Ito ba ay laruan?" Saang silid ito naroon?

3. Pagsabihan ang bata na ipakita sa inyo ang bagay o paksa ng kanyang sinasabi.

4. Ang mga tanong ay dapat na nasasagot ng oo/hindi, halimbawa: "Gusto mo ng inumin?"

5. Dagdagan pa ng salita ang binanggit na salita ng bata, halimbawa: kung sinabi ng bata "ku" maari mong sabihin "kubeta" "Gusto mong pumunta sa kubeta?"

6. Pagmasdan kung anong gustong sabihin ng bata. Tingnan ang kanyang mga kilos at ekspresyon ng mukha. Halimbawa: ang bata ay hawak-hawak ang tiyan at gusto niyang sabihin na pakiramdam niya siya ay may sakit.

7. Pag-usapan ang tungkol sa dito at ngayon, halimbawa: kung ano ang ginagawa mo, mga bagay sa paligid, sa silid kung saan kayo naroroon, atbp.

8. Ayos lang kapag hindi mo maintindihan ang bata kung minsan.